

PROLOGUE

The summer before....

Dalawang teenager na babae ang nagtatawanan habang tumatakbo sa maputi at pinong buhangin ng beach sa islang iyon. One girl was giggling as she clutched a bag, trying to hide it from the other girl's reach as she rolled on the sand. Sumama ang isa at sandaling nanaig ang hagikgikan nila laban sa ingay ng alon sa beach habang natatawang nanonood ang isang lalaki sa lilim ng mga puno ng niyog.

Biglang napasigaw ang isang babae.

“Napupuwing na ako! Wait, wait!” natatarantang sambit ni Chelsea, iyong may hawak ng clutch bag ni Coral.

Inagaw ni Coral ang bag mula sa kaibigan. “Got it!” Sa kasamaang-palad, nahulog ang mga laman niyon sa buhangin. “Oh, no!”

Napatili ang kasama. “Baka mabasa!”

Sa sumunod na sandali ay naghabol ang magkaibigan sa mga gamit at mga litrato bago

iyon maitaboy ng hangin sa dagat. Mayamaya pa'y humihingal na pinakita nila sa isa't isa ang kanilang mga hawak para malaman kung kompleto na ang mga iyon.

“Is this him?” nanunudyong tanong ni Chelsea habang tinitingnan ang isang litrato. Isa iyong poging teenager, at ang lalaking iyon ay bagong kakilala ng kaibigan sa Internet.

Pero ni hindi ito pinansin ni Coral. Natatarantang naghanap siya sa mga hawak. “S’an ang portrait ko? Bakit wala rito?”

“Ha?” gulat na tanong nito. She knew that portrait was important. “Nawawala ba?”

“Oo. Kasama ‘yon dito.”

Coral was talking about a little portrait of her when she was a baby, done in oil pastel in a small canvas and framed in an orange wood frame. It was different kasi makulay iyon, with her skin bright pink and her hair a shocking violet, her lips a rosy hue and her eyes blue and mauve. Gawa iyon ng half-sister niyang isang frustrated artist noong eleven years old pa lang ito kaya sanlaksa ang sentimental value niyon sa kanya.

“Ito ba ang hinahanap n’yo?” tanong ng isang baritonong tinig sa kanilang likuran.

Napangiti siya nang makita ang Kuya Kirk ni Chelsea na lumalapit sa kanila matapos damputin ang orange na bagay mula sa buhangin. Mula naman sa kinatatayuan nito, lumapit na rin si JD, iyong nangangantyaw sa kanila. Naku-curious din ito sa hawak ng binata.

“Hay! Akala ko nawala na,” relieved niyang sambit.

Nakatitig si Kirk sa portrait kaya napasulyap siya kay Chelsea at sa Kuya JD nito. The man was a famous painter.

“Is this you?” nangingiti nitong tanong.

“Obvious ba?” nangingiti rin niyang sambit.

“Cute. Sino’ng nag-paint?”

Pinagmasdan ni Coral ang mukha ng lalaki at napansing reluctant pa itong ibalik iyon sa kanya. Nagugulat sila dahil humahanga ito sa isang maliit na painting na ibang-iba sa sarili nitong trabaho. “Ang Ate Sheri ko, when she was just eleven.”

Sa wakas, ibinalik nito sa kanya ang portrait.

“So, may artist din pala sa family n’yo?”

Napatirik ang kanyang mga mata. “I wish! She’s an accountant now, head ng finance department ng company ng papa namin.”

“Really?”

“Don’t you think she has talent? Sinabi ng mama ko, Ate had captured my smile here.”

“Tama ka.”

“Maganda si Sheri,” sabad ni JD.

Napahagikgik sila ni Chelsea. Alam kasi nilang may crush si JD sa ate niya.

“Really,” nangingiting sabi ni Kirk.

“And I saw her first kaya kapag in-invite na namin siya rito—”

“Mas maganda pa si Ate Sheri sa bago mong girlfriend, Kuya Kirk,” sabad ni Chelsea. “At wala pa siyang boyfriend.”

“Miranda’s just a guest,” pagtangga ni Kirk. “Yung ate mo, Coral, may iba pa ba siyang mga gawa?” tanong nito.

“Marami pa po. Nasa bahay, naka-display ang iba pero hindi niya pinaalam na gawa niya. But she has not been painting for a long time now. Busy na kasi siya sa trabaho niya sa opisina.”

Narinig nila bigla ang tawag ng isang babae kay Kirk. Sabay na nawala ang kanilang mga ngiti noong nagpaalam na sa kanila ang lalaki para sumama sa tumawag dito.

“God, wala na ba silang pahinga?” naiimbyernang reklamo ni Chelsea. Binalingan siya nito. “Kailangang gumawa tayo ng paraan para magkita sila at magkakilala ni Ate Sheri.”

Napaangat ang mga kilay ni Coral. “How?”

“Magkakilala na kaya kami ni Sheri,” reklamo ni JD.

At napahagikgik na naman ang dalawang babae.

1

One year later....

“What do you think, Ate? White beach, healthy sun, clean air, blue water... perfect, ‘no?’”

Nakatingin si Sherilyn sa mga larawang inilatag ng kapatid sa ibabaw ng kama at lihim siyang napangiti. Ipinagpatuloy niya ang paghahanda sa pagpasok sa office.

“I will have to ask for a leave,” paalala niya habang ikinakabit sa isang tainga ang kanyang hikaw. “And it might not be given.”

“Ate naman. I’m sure papayagan ka ni Tita Marian. She’s complaining about you na nga, eh.”

Nagulat siya. “Ano?” Pero noong bumaling siya kay Coral, nakangisi ito at pakuya-kuyakoy pa ang mga paa sa gilid ng kama.

“She has been telling people that you’ve been working too hard. Baka daw maagawan mo na siya ng trabaho,” nanunudyo nitong sabi. “C’mon, humingi ka na ng leave. Siguradong papayag siya.”

Naiiling na bumaling siyang muli sa salamin.

“Hindi ko alam, Coral. Ang daming trabaho sa office ngayon.”

“Hay, Ate, ano ka ba?” exasperated na nitong sambit, sabay bangon sa kama at lumapit sa kanya. Tumayo ito sa kanyang likuran. “Para isang linggong bakasyon lang kasama ang ‘yong pretty sister sa isang paradise island, hindi mo pa mapagbigyan?”

Siya naman ang nanermon habang nakatingin sa reflection ng kapatid sa salamin. “Bakit hindi mo muna bigyan ng panahon ang final exams mo? Two weeks pa bago mag-summer vacation. Baka sa kaiisip mo ng ibang bagay, pumalpak ka sa mga tests mo.”

“Hmph!” Humalukipkip ito. “Kelan po kaya nangyari na bumagsak ako sa exams?”

Napatawa si Sheri. “Ang yabang nito.” Hinarap niya ito at pinamaywangan. “Alam kong matalino ka, pero kahit ang matalino ay pumapalpak din. So get your butt off my room and go back to your notes. Saka na natin pag-usapan ang tungkol d’yan.”

“Basta! Pag-isipan mo nang mabuti and say yes next week. Para ganahan naman ako sa exams ko, Ate. Malay natin nar’on si Kirk Bermudez? Kilala mo siya, di ba? He’s really famous, hindi pa namamatay

pero pinag-aaralan na namin siya sa school. I'm sure you've heard about him. Makikilala mo siya nang personal sa island!" Tumili pa ito.

Yes, Sheri had heard about him. Pero kung alam lang ng kapatid niya na ang mga narinig niya ay hindi magbibigay sa kanya ng willingness na makilala ang isa sa pinakabata, pinaka-talented, at pinaka-difficult na local artist na napag-aralan na niya.

Fortunately, nang mga sandaling iyon ay parang bolang nagba-bounce na palabas ng kanyang kuwartero si Coral kaya hindi na niya sinabi rito. Nangingiti niyang ibinalik ang atensyon sa paglalagay ng makeup habang namamangha sa resilience nito.

Noong mamatay ang kanilang papa, halos isang linggong namroblema sila kung paano nila mapapakain si Coral. Kaya nga naospital pa ito noon...

Nawala ang ngiti sa mga labi sa reflection niya sa salamin. Kamamatay lang ng kanilang ama sa isang car accident seven months ago. Ginabi ito sa isang business transaction sa Alabang at nagpilit umuwi dahil may paparating na bagyo.

Nilunok ni Sheri ang bikig sa kanyang lalamunan.

Mabuting ama si Andro Juanzon. Sa kabila ng maagang pagkamatay ng una nitong asawa, pinalaki siya nito na pinupuno ng kaligayahan ang kanyang mga araw. She was ten when he met Simone Locsin and fell in love with her and her gay personality. They got married, but the most special gift that marriage had given her was her little sister, si Coral, na tiny miniature ng mama nitong laging masaya.

Between the two of them, Coral had always been the one that was bubbly and expressive kaya hindi nakakapagtaka kung ito ang mukhang unang nakabawi sa trahedya. Pero alam niyang umiiyak pa rin ito sa gabi kapag naaalala nito ang father nila. Isinusumbong iyon sa kanya ni Aling Pining, ang kanilang loyal maid.

Nagbuntong-hininga si Sheri at hinagilap ang kanyang blazer para isuot. Sa pagdampot ng kanyang bag, nahagip ng tingin niya ang mga larawang sinadyang iwan ni Coral sa ibabaw ng bedspread.

They were blown-up pictures of what her sister had called a paradise, naisip niya habang pinagmamasdan ang puting buhangin at asul na dagat na kumikinang sa ilalim ng tama ng matingkad na sikat ng araw.

Pero walang appeal ang mga larawan sa kanya

sa kabila ng nakikita niyang kagandahan.

Kung hindi lang pumanaw ang kanyang ama, kasama na sana nila ito sa bakasyong iyon noong nakaraang taon. Masaya na sana niyang tinitingnan ngayon ang mga litrato.

And then Tita Simone would laugh again. She meant, really laugh again. Hindi iyong show na pinakikita nito sa lahat to make it seem like things were normal when it was not.

Nilabanan ni Sheri ang pamumuo ng luha sa kanyang mga mata. Their father would not want them to grieve for him. Napakaraming happy memories na dapat maaalala kaysa isipin ang pagkawala nito.

It was just that she missed him so much.

Ilang sandali ang lumipas na hindi kumilos si Sherilyn. Pero matapos mapahiran ang kanyang luha, lumabas na siya ng kuwarto para pumasok sa trabaho.

Two weeks later, the inevitable happened. Nasa higaan si Sherilyn at nagbabasa ng libro nang walang anu-ano ay binuksan ni Coral ang pinto ng kanyang silid nang hindi man lang kumakatok.

“Ano, Ate? Are we going?”

Ni hindi siya tumitingin dito. “Alam kong nakausap mo na si Tita Marian at nasabi na niya sa ‘yo na nag-leave na ako kanina.”

“Yehey!” irit nito, dahilan kung kaya natawa siya. “Thank you, Ate! Thank you! Promise, mag-enjoy talaga tayo!” Saka siya nito dinamba sa kama at pinupog ng halik gaya ng ginagawa nito noong bata pa.

“Ano ba? Go to your room and change. Naka-uniform ka pa nga. Dinudumihan ng shoes mo ang carpet ko.”

“Okay, Ate, okay!” tuwang-tuwa pa rin nitong kalas sa kanya. Saka parang hindi ma-contain ang tuwa na umirit muli ito habang palabas ng kanyang kuwarto.

Pumasok si Tita Simone sa silid ng stepdaughter. Nabulabog ito ng ingay sa kuwarto nito.

“What the hell was that?” gulantang na tanong nito.

Napilitan siyang magpaliwanag. “Coral wanted me to go with her to this island resort and—”

“You’re going? That’s great! Teka, hindi ako

paiwan dito. Sasama ako! Coral!” malakas na tawag nito sa anak.

Napailing si Sheri sa sarili. Alam niyang magiging maingay at masaya ang bakasyon nila sa isla.

Maganda ang sikat ng araw sa biyahe nila patungong Batangas habang sakay ng van. Matingkad ang lahat ng kulay sa paligid. Summer na nga at kinailangan nang magsuot ni Sheri ng sunglasses sa biyahe nila para hindi masaktan ang kanyang mga mata.

Susunuin sila ni Chelsea, ang kaibigan ni Coral, sa Batangas Port sa yate ng mga ito. Hindi lang sila ang magbabakasyon sa isla kundi ang iba pang mga kaibigan ng pamilya Bermudez.

Nagbuntong-hininga ang dalaga. Hindi niya maitanggi sa sarili na kahit papaano, excited din siyang makilala ang kapatid nitong artist. It was not because her artist friends had said he was devilishly handsome. It was the artist in her, iyon ang naintrigang makilala ang pinaka-unfriendly daw na alagad ng sining sa Pilipinas. Pagkatapos makilala sina Chelsea at JD, maaaring hindi talaga ganoon kagrabe ang attitude ni Kirk Bermudez. Siguro

nakaapekto na rin ang nature ng mga obra nito kaya nagkaroon ito ng ganoong klase ng reputasyon.

Wala siyang ibang description na maibibigay sa mga trabaho nitong nakita na niya noong high school pa siya kundi... dark. The reactions that they get from the viewers were either maddeningly lonely or painfully miserable. Hindi na nagtaka ang art teacher nila noong high school pa sila, noong dinayo nila ang exhibit ng mga local artists sa isang museo, sa kanilang mga reactions sa mga gawa nito.

“He’s quite young,” sabi nito noon. *“He’s actually only in his early twenties. Pero napakalinaw na sa ‘tin ang kanyang theme. Gothic, horrific sometimes. It’s like he was trying to punish himself through his creations. He must be brokenhearted. Ang nagagawa nga naman ng pag-ibig, huh, kids?”*

Mahina pa silang nagtawanan noon dahil sa huling pabirong comment.

“But he’s got his own mark, you see? Real talent here... remarkable. The direction that his works was taking was so much of his own identity as an artist... it was... emotionally wrecking, don’t you think?”

Tiningnan nila ang daluyong sa canvas, at ang mga busts, pagkatapos ay halos sabay-sabay silang

magkakaklase na nangaligkig. Sandaling naistorbo ang katahimikan sa museo ng kanilang impit na namang mga hagikgikan....

Sa likuran ni Sheri, may kausap sa phone ang madrasta niya. Sa kabila ng pagiging masayahin, she was a serious real estate agent. Kahit nakapangasawa ito ng isang may-kayang negosyante ay nanatili pa rin ito sa dating trabaho.

Sa tabi niya, nakatulog na si Coral at nakasandal sa kanya, nakahilig ang ulo sa balikat niya. Habang naiisip ang excitement nito sa napipintong bakasyon, hindi naiwasang hindi ma-guilty ni Sheri sa pinakita niyang reluctance sa simula. Nagbuntong-hininga siya habang hinahaplos ang buhok ng kapatid niya.

“I’ll try harder to enjoy myself,” mahina niyang bulong dito, iyong hindi siya maririnig ng stepmother niyang nakaupo sa kanyang likuran. “Promise.”

Para namang narinig ang sinabi niya, umungol ito at sumiksik pa sa kanya. Pero nagpatuloy ito sa mahimbing na pagtulog.

2

The yacht that met them was a pristine white craft, bobbing in the water in one of the private docks as their van approached. Pinanood nila ni Tita Simone ang exuberant na pagyayakapan ng mga magkakaibigan na gaya ng iba pang typical na mga teenagers.

Tuwang-tuwa silang sinalubong ni JD.

“Mabuti na lang nakumbinsi kayo ni Coral na sumama, Sheri, Tita Simone.” Hinalikan sila nito sa kanilang mga pisngi saka sila pinagmasdan. “Ang dami namang pretty guests, grabe!”

Natawa silang dalawa ng madrasta.

“Akin na’ng bag mo,” sabi nito sa kanya saka kinuha ang duffel bag na hawak niya bago binalingan si Tita Simone. “Tita, akin na po—”

“Okay na ‘to, hijo. Maliit lang ito. The other one’s in the van at ang driver na’ng bahala.”

“Yung kay Coral po?”

Apologetic siyang tumawa. “I’m afraid your friend’s bag’s much heavier. Ang driver na rin ang

magdadala.”

Natawa rin ito nang binalingan ang driver. May dala itong duffel bag na doble ang laki sa bag nina Sheri at Tita Simone.

Isa pang van ang dumating, at naulit ang maingay na batian. Nakangiwing binalingan sila ni JD.

“Mabuti pa, Sheri, Tita, mauna na tayo sa yate. Some of the guests are already there enjoying cold drinks and salad. Baka mabasag ang eardrums natin dito.”

Tumango ng pagsang-ayon ang dalawang babae.

Thirty minutes silang naghintay para sa ibang mga bisita saka sila naglayag patungong isla.

Maliban sa barkada ni Coral, hindi na mga estudyante ang ibang bakasyunista pero pawang mga sikat o mayayaman. Isa o dalawa sa mga ito ay pamilyar ang mga mukha. Nakita na ni Sheri sa magazines ang mga ito, anak ng kilalang society parents na nagmula pa sa old rich families.

Kung tutuusin, hindi man talagang mayamang-mayaman ang kanilang pamilya, but their

company could generate enough to have them living comfortably for years. Nagmula sa humble beginnings ang kanyang papa at si Tita Marian, maagang naulila tulad nila ni Coral, at nagsikap para umasenso.

In fact, inabutan niya iyong time na nag-i-struggle pa ang mga magulang niya. Bago maipanganak si Coral, nakakuha ng break ang kanyang ama sa isang malaking order ng construction materials. Doon ito nag-concentrate. Kasama ang kompanya ng magkapatid sa nakinabang sa infrastructure boom noong nagdaang tatlong dekada.

Naa-appreciate niya minsan na higit pa sa pag-asenso lamang ang naging sukli sa pag-sikap ng kanyang ama. Nakapag-aral sila sa prestigious na mga paaralan at hindi naranasang mahirapan sa paghahanap ng trabaho.

Napabuntong-hininga si Sheri sa mga gunita ng kahapon. Ayaw na niyang makadama ng lungkot. Mabuti na lamang at lumapit sa kanya ang kapatid at ang mga kaibigan nito kaya nagkaroon siya ng mga makakausap.

Sa wakas, natanaw na nila ang isla. Maging si

Sheri ay napangiti at napabuntong-hininga nang makita niya ang nakakasilaw na kaputian ng beach sa ilalim ng sikat ng araw. The actual view was more beautiful than the pictures she had left at home.

Sandali niyang pinadaan sa kanyang isip ang mga nalalaman niya tungkol sa mga Bermudez. Kilala ang grandfather ng mga ito bilang isang magaling na lawmaker noong panahon ni Manuel Quezon. He was also a brilliant statesman, and a beloved public servant.

Yet, the Bermudezes were also a family who had enjoyed prosperity since the eighteenth century. May dugong Kastila ang mga ito.

Nang makadaong na sila sa isla, nakita niya at nakilala kaagad ang mag-asawang Tanseco. Ang mga ito ay miyembro ng high society at kilalang mayayaman ang pamilya. Sa sandaling distansya mula sa beach hanggang sa resort house kung saan sila titigil, ilan pang mga personalidad ang nakilala niya. Ang beach party sa darating na gabi ang dinayo ng mga ito roon.

Mula sa yate ay dumerecho sila sa plush garden ng malaking beach house ng mga Bermudez. May naghihintay na refreshments para sa lahat ng mga panauhin. Iyong ibang mga bisitang kasabay nila sa

yate ay sa hiwalay na lugar dinala ng sumalubong na organizers ng party.

“Sa mga cottages sila tutuloy. Marami kasi sila at lahat sila ay ‘yung party lang talaga ang dinayo rito,” paliwanag ni Chelsea habang isa-isang nauupo sa mga silya ang mga kasama. Ito ang tumatayong hostess. “Karamihan sa kanila, wala na bukas pero may ilang matitira to stay for the week.”

“P’wede ba kaming mag-feeling VIP ulit?” natatawang tanong ng isa sa mga kaklase ni Coral. “Bakit dito pa rin kami tutuloy sa main house?”

“Siyempre pinakiusap ko na kayo kay Kuya. Bisita ko yata kayo,” natatawang pagmamalaki nito. “But mind your ingay, ha? Kaya nga hindi dito in-accommodate sa main house ‘yung mga bisita ni Ate Mirelle, delikado si Kuya Kirk pagdating sa noise o kaya sa sobrang mga usyosero. Artist kasi ‘yon, may moods. Kapag may tinatrabaho siya, usually he just keeps quiet and wants to be alone.”

“Gan’on? Hindi ba siya nakakatakot?” tanong ng isang babae na medyo may pagka-chubby. Kabilang ito sa grupo ni Coral.

“Oh, no. He’s really okay. Kasi hindi ka namin kasama last year kaya hindi mo siya nakilala. If ever

na may nabasa na kayo tungkol sa kuya ko, 'wag kayong maniwala. Intrigero lang ang mga 'yon. He has no reason to avoid you, mga taong dapat lang talagang i-avoid ang ina-avoid niya. And when he's nasty, it's not unwarranted, believe me. Minsan kasi may mga tao talagang... hay naku! Basta."

Kahit papaano, na-relieve si Sheri sa narinig. Wala naman palang kailangang ipag-alala.

"Anyway, he stays in a separate house a little farther from here kapag may ginagawa siya, which isn't like everyday naman," patuloy ni Chelsea. "May mga months na regular lang siyang parang tulad natin, nagbabasa lang ng libro, nagsu-swimming sa beach o kaya lumuluwas sa Manila to have a good time with his friends. Kaya lang ang alam ko, he's started working last month.

"Iwasan na lang nating maligaw d'on sa cottage niya. Malayo naman 'yon sa trail, hindi makikita basta-basta kung walang magbibigay ng direksyon o kaya kung hindi hahanapin. Dito na lang tayo sa beach o kaya stick tayo sa trail kung gusto n'yong mag-explore sa island. Sa beach na lang tayo mag-ingay."

Mabilis na nagsisang-ayunan ang lahat. Mukhang walang may balak na subukang kantiin

ang nastiness ni Kirk Bermudez.

Si JD pa rin ang naghatid sa kanila sa guest room na titigilan nilang tatlo nina Coral at Tita Simone.

“Naiuna na ng staff ang gamit n’yo rito,” paliwanag nito habang binubuksan ang pinto para sa kanila. “The other room is what the girls will be using, ‘tapos ‘yung room sa kabila pa,” tinuro nito ang isa pang silid sa kabila ng guest room ng girls, “will be for the boys. Pinili ko ang isang ito para sa inyo so you can enjoy the view better.”

Sumunod ito sa kanila sa loob ng kuwarto at iminuwestra ang malalaking bintana sa kabilang dingding na nakaharap sa dagat.

“See? Walang nakaharang na puno, and all these rooms have doors leading out to the terrace. Merong hagdanan d’on kung gusto n’yong bumaba papunta sa beach at hindi n’yo na kailangan pang dumaan sa front door. Alam na ito ni Coral. Sa kanya na lang kayo magtanong sakaling wala ako.”

“Excuse me, but I have to go to the comfort room!” nagmamadaling kanta ni Tita Simone habang tumatakbo patungo roon. Lumagapak ang pinto ng banyo pagkatapos.

Nakangiti si Sheri habang inililibot ang tingin sa

maluwang na kuwarto na may accent na pastel colors sa walls at sa furnitures. Dalawa ang bed sa gitna ng silid at may nakabukas nang mga closets kung saan nakatabi ang kanilang mga bags. Mayamaya ay tumutok ang mga mata niya sa labas ng bintana upang masdan ang view.

Kanina, habang nasa yacht pa, naisip niya na pagdating sa island ay hahanap siya ng pagkakataon na ilabas ang kanyang baong art accessories at i-sketch ang mga nakikita niya sa paligid. Ngayong naririto na siya ay saka lang niya naramdaman ang tunay na excitement. She could not wait to get her hands on her brushes and work.

“Ang ganda nga pala rito.”

Tumabi sa kanya si JD. “You wanna go out? Enjoy the air a little better before you rest?”

Tumango siya saka naunang nagtungo sa pinto para lumabas sa terrace. Napapansin kasi niya na may kakaiba sa tinig ni JD, na naging malambing iyon, naging masuyo.

She felt better when they were outside.

“Look, parang maliliit na mga langgam ang mga tao sa beach,” nasambit niya nang makita ang mga bikini-clad figures na naglipana sa puting-puting

buhangin.

Nakatanaw rin doon si JD at narinig niya ang marahang pagtawa mula rito. “Oh, no. When Kuya Kirk sees that, he’d know he’s bitten more than he could chew by giving in to Ate Mirelle.”

Napasulyap siya rito. “Bakit naman?”

“It has been a long time since the beach has had those butts on it, see?” natatawa nitong saad habang malinaw nilang natatanaw ang dalawang bikini-clad models na pabagsak na sumalampak sa buhangin pagkagaling sa tubig.

Natawa rin siya. “Hindi ba niya naa-appreciate ang view na ‘yan?”

Umiling ito. “Not really. Kung gan’on si Kuya, sana kabi-kabila ang babae n’on.”

“Talaga, ha? Gan’on siya kaguwapo?” tanong ni Sheri, bahagyang patudyo.

“Mas guwapo pa ako. Kaya lang pamisteryoso ang appeal ni Kuya kaya mas hinahabol,” sagot nito na bahagyang napasimangot.

Natawa ulit siya. “Ah, habang ikaw, madaldal.”

“Hindi lang naman, di ba?” parang nagtatampo

nitong tanggi.

Napailing na lang siya.

“Anyway, wala siyang nagawa kundi pumayag sa hiling ni Ate Mirelle na i-sponsor ng island ang party kasi it’s what she’d asked for her birthday.”

Nagtaka siya. “Di ba sa inyong buong pamilya naman itong island?”

“Actually, the island belongs to him, isa sa mga pamana sa kanya ng isang dalagang aunt niya sa mother side when she died. They said she was a frustrated artist at paborito niya si Kuya Kirk.”

“Ah...” sabi ni Sheri habang napapatangu-tango. Humugot siya ng malalim na buntong-hininga, kaagad nang nakakalimutan ang sinabi nito habang ini-enjoy ang maaliwalas na hangin sa isla. “It’s beautiful here. Kaya naman pala enjoy na enjoy dito ang kapatid ko. Nakikita ko na kung ano’ng na-appreciate niya.”

“Hindi ba niya pinakita sa ‘yo ang mga pictures?”

Tumango siya. “She did, and they were beautiful. It’s just that, of course, walang tatalo sa original.”

“I took them.”

Gulat siyang napasulyap dito. “Really? Then hindi lang pala iisa ang artist sa pamilya.”

Lumawak ang ngiti ni JD, at sandaling nagsisi ang dalaga sa papuri niya habang sinusubukan siyang i-charm ng ngiting iyon. Contrary to her sister’s suggestion, hindi niya balak magkaroon ng boyfriend sa bakasyong ito. Pasimple siyang humakbang paurong, at inilibot niya ang tingin sa terrace para magkaroon ng dahilan na iwasan ang ngiti nito.

Sa kanyang ginawa, napansin niya ang isang lalaking nakatayo sa sulok na sulok, that his thigh was touching the railing of the terrace. Nakasandal ito sa dingding paharap sa beach, nakasukso ang mga kamay sa magkabilang bulsa ng sobrang faded nitong jeans.

He was a big man, a tall man with wide shoulders and tanned skin, iyong klase na halatang nakuha sa pagtira sa tabing-dagat. At nahahalata ang matipuno nitong katawan sa kabila ng maluwag na t-shirt nito.

Ang dahilan kung bakit mas nag-linger ang mga mata ni Sheri rito ay ang mukha nitong nape-frame ng buhok na mas malago at mas mahaba kaysa sa pangkaraniwang haba ng buhok ng isang lalaki. Despite his appearance, it looked appealing

If We Fall in Love - Jenna Kaye Roa

somehow. Nakatanaw ito sa beach nang may pagkadisgusto. Nakakunot ang noo nito at nakatiim ang matigas nitong mga bagang na parang hindi nito gusto ang nakikita roon.

Sa dami ng mga lalaking nakita na niya sa islang iyon, nakilala niya kaagad ang lalaking iyon pagkakatang-pagkakita niya rito. He had the unassuming, quietly handsome, impervious appeal of kindness in his visage.

And she suddenly understood why her friends who had actually seen him said that Kirk Bermudez looked like an angel without wings.

3

Napansin ni JD ang preoccupation ni Sheri sa likuran nito at napaligon ito. Nang makita nito ang kapatid ay nagulat ito.

“Kuya Kirk? Kanina ka pa ba d’yan?”

Ibinaba nito ang isang paang nakatukod sa dingding at umalis ito sa pagkakasandal doon. Tumingin ito sa kanila.

“Yes, kanina pa ako,” sabi nito sa tinig na parang walang pakialam.

Nakadama si Sheri ng pagkaasiwa habang naaalala na napag-usapan nila ito ni JD kahit sandali lang. Sana hindi nito minasama ang narinig kanina. Anyone wouldn’t want to be talked about behind his back. Lalo na siyempre ang isang taong kilala sa pagiging sobrang protective sa privacy nito.

Pero hindi lang iyon ang dahilan kung bakit siya naaasiwa. Sobrang brooding ng mga mata nito noong tumutok sa kanila, as if he was hoping they would disappear with the crowd on the beach.

“Ah, Kuya Kirk, ito nga pala si Sherilyn, ang

kapatid ni Coral.”

Habang ipinakikilala sila ni JD sa isa't isa, pinipilit bumawi ni Sherilyn sa inisyal na epekto ng attitude ni Kirk. Tita Simone was her lifesaver dahil noon ito biglang lumabas mula sa room.

“Hello,” hesitant nitong bati sa bagong mukha. May ngiti sa mga labi nito na gaya ng dati ay friendly at engaging. Her father used to call it her ‘real estate agent smile.’ Marahan din ang paglapit nito na parang instinctively nitong naramdaman na pumapasok ito sa isang teritoryo so she was threading it lightly.

She used the same tactic when she entered her life, amused na naisip ni Sherilyn, grateful bigla na kasama niya ito. Sa simula pa man ay ipinaramdam sa kanya ng stepmother na wala itong wish i-invade ang itinuturing niyang sariling mundo, and she was successful in getting her trust and respect.

Well, halata sa bahagyang umaaliwalas na mukha ni Kirk na successful din ang tactic ng madrasta niya rito. Hindi man ito masasabing ngumiti, nagpapakita naman na nagbibigay ito ng galang sa mas nakatatandang ginang.

Mabilis ding ipinakilala ni JD ang kanyang stepmother.

“This is Tita Simone, Sheri’s stepmother and Coral’s mother,” anito. “Tita Simone, si Kuya Kirk po, half-brother ko.”

“Oh, the artist!” delighted na sambit ng madrasta niya. Kaagad nitong iniabot ang kamay sa lalaking ipinakilala rito. “It’s good to meet you! Pasensya ka na if you have to endure our noise, but it will only be for a while. We’ll be gone before you know it.”

“It’s no bother, Ma’am. It’s a real pleasure to meet you.” Saka tumingin si Kirk sa kanya. “And you.”

Naunawaan niya noong magpakita ng graciousness ang binata kay Tita Simone. Ang hindi niya mabigyan ng paliwanag ay iyong reaksyon niya. Nainis siya. Did it have to take someone like Tita Simone para mapansin nitong dapat silang itrato nang maayos?

“It’s a pleasure to meet you, too. Maraming salamat sa pagtanggap mo sa ‘min dito sa bahay mo at sa isla. ‘Wag kang mag-alala, pipilitin naming hindi makaistorbo sa ‘yo.”

Hindi imahinasyon lang ang sumunod na katahimikan pagkatapos ng kanyang pormal na pagbati. Napansin niya, kumunot na naman ang

noo nito. And she wanted to tell him, *Yes, I know you don't want us here. I don't like your attitude, anyway, so why will I act like I like you?*

Ang magkasabay na tawa ng kanyang stepmother at ni JD ang pumutol sa nakakasiwang katahimikang iyon.

“Ang ganda ng island na ‘to, ‘no? Kaya naman pala halos dalawang linggo kang niligawan ng kapatid mo na sumama rito, Sheri. We can now see why.”

Sinakyan ni JD ang ginawa ng kanyang stepmother at mayamaya ay nagkukuwentuhan na ang dalawa. Kahit nakatanaw siya sa dagat, nararamdaman niya ang tingin ni Kirk sa kanya. At noong sinubukan niyang lumayo rito para tumayo malapit sa railing at ipagpatuloy ang pagtanaw sa dagat ay ikinagulat niya ang pagsunod nito.

“I heard you’re an artist, too,” mayamaya ay sabi ni Kirk.

Napatingin siya rito. “Ha?”

“Sinabi sa ‘kin ni Coral when she was here the last time. She talked a lot about you,” saad nito sa tinig na parang naging resigned na lang itong makinig noong ikinukuwento siya ng kapatid niya

rito.

Naguluhan siyang napatingin muli sa beach. That was odd. Why had her sister given the impression that she has scarcely talked with the man?

“I... draw a little, paint a little. But I can’t ever aspire to be as good as you.”

“You can’t. You can only be better in your own style. I saw your work. It’s different than mine.”

Muli siyang napatingin dito, nagulat na naman. “I never... I haven’t showed anyone any of my works.”

“Coral showed me a little portrait that you did of her when she was little, naka-frame at sinabi niya, dinadala niya iyon everywhere. It was... unique, colorful, almost like sunshine. It’s never like anything I ever did.”

“Ah, that,” nasambit niya habang hindi sinasadyang napapangiti. “Sobrang cute ni Coral n’on and it inspired me to paint her. Kaya siguro maganda ang kinalabasan n’on.”

“Kung artist ka, how did you turn into an accountant?”

Sheri could not stop the questions in her own

head. Why was he asking questions? Why was he interested? Gayong kanina lang tinitingnan siya nito ay parang gusto na siya nitong paalisin sa isla. “Hindi naman lahat ng artists ay nagiging successful gaya mo. I wanted to help my father, ‘yon lang.”

“An artist and an accountant. Extreme right and left brains. Hindi ka ba nahirapan?”

Stop getting surprised, sermon niya sa sarili habang sinasagot ang bagong tanong nito. “Nahirapan, admittedly. Hanggang sa third year ko sa college ay kinukuwestyon ko pa rin ang sarili ko kung bakit ako pumasok sa gulong ‘yon. But I guess, it became like a struggle of principle. I’ve always been afraid of failing.”

“Failing yourself or your father?”

This time, hindi na niya napigilang bumaling sa binata. Tumingin siya rito nang mas matagal, nang hindi itinatago ang kanyang pagtataka. Who was invading whose territory now?

“Noong nag-i-struggle pa lang ako sa craft ko, my father didn’t like it. Gusto niyang pumasok ako sa business. Pero nagpursige ako and now, at least, I can say na satisfied ako sa pinuntahan ng career ko,” paliwanag nito nang hindi siya sumagot.

“What gave you the impression that my father disapproved of my art?”

Napatingin si Kirk sa kanya pero hindi ito umimik. She somehow felt that he was only waiting for her to explain what she had said.

Nagbuntong-hininga si Sheri dahil gaya ng dati, anumang isipin na involved ang kanyang ama ay nagdadala ng kirot sa puso niya. “He wanted me to be happy. Gusto niya akong pumunta sa Paris o saan man sa mundo kung saan ako mas mahahasa sa pagpipinta ko. But I d-didn’t want to leave,” nangingiti niyang amin. “I guess I was what you might call a certified papa’s girl. Terrorized akong malayo sa kanya for even one minute. So pinili kong kumuha ng kursong maglalagay sa ‘kin lagi sa tabi niya.”

Tumitig ang lalaki sa kanya, derecho sa kanyang mga mata, at naasiwa siya sa titig na iyon. Noon niya naisip mag-excuse pero bago niya iyon magawa, naistorbo sila ng tinig ng isang babaeng tumatawag sa pangalan nito.

“Kirk? Sweetheart?”

Napalingingon si Sherilyn. Isang maganda at seksing babae in a bikini ang lumalapit sa kanila at

nagtatapon ng nagseselos na tingin sa kanya. Nang makalapit kay Kirk, kaagad itong pumulupot sa isang braso ng binata.

“Ano ka ba? Kanina pa kita hinahanap, ‘yun pala narito ka lang.”

Tumiim ang mga bagang ni Kirk pero hindi ito nagsalita.

Mabilis siyang nagpaalam bago pa magkaproblema sa pagitan nito at ng babae.

“Pasensya ka na, napagod ako sa biyahe. Gusto ko nang magpahinga.”

Tumango ito. “Of course. It is nice talking to you, Sherilyn. See you around.”

“Yeah,” asiwa niyang sagot. His girlfriend was throwing dagger looks at her already.

At pumasok na siya sa loob ng kuwarto kahit nakita niyang nagkukuwentuhan pa ang madrasta niya at si JD sa kabilang panig ng terrace.

Mayamaya lamang, sumunod na rin sa kanya si Tita Simone sa loob ng silid. Nandoon siya sa tapat ng closet, inilalagay ang mga gamit nila ni Coral sa

mga lalagyan, at naramdaman niya ang sulyap ng madrasta bago ito lumapit sa sarili nitong gamit.

“What do you think of him?” tanong nito.

“Who?” balik niya kahit alam na niya kung sino. She did not want to acknowledge that Kirk had made an impact, unfavorable or otherwise, to her. Or else kung anu-ano na naman ang iisipin ng matandang babae. Matagal na rin siyang kinukulit ng mag-ina na bigyan niya ng pansin ang kanyang social life.

“Si Kirk, sino pa?”

“He’s different from JD. Yet tipikal sa mga famous na artists—moody, unfriendly, territorial...”

“You must have noticed he’s goodlooking, too, hija.”

Hindi niya iyon ikinaila. “So?”

“Hindi ka ba interested?” nanunudyo nitong tanong.

Ibinalik niya ang atensyon sa kanyang ginagawa habang nangingiti sa effort nitong hulihin ang loob niya ukol sa binata. “Kung hindi mo napansin, Tita, taken na siya.”

“Taken is as taken gets. He’s not married. Kung

magpapakasal man siya, mukhang hindi sa babaeng 'yon. Kung hindi mo rin napansin, ni hindi niya pinakilala ang friend niya sa 'tin. Mukhang nagalit pa nga noong naistorbo sa pakikipag-usap sa 'yo."

Of course, napansin niya iyon pero hindi niya inamin. "Really?"

"So... he's not taken."

Hindi niya tinangkang mag-comment sa sinabing iyon ng madrasta. Knowing Tita Simone, she would be faced with the frustrating dilemma of deflecting her opinions for the better part of the hour.

Dumating si Coral. Anumang ingay na nawawala sa kuwarto ay napalitan ng hindi magkandatuto nitong daldal tungkol sa kilalang mga personalidad na nakita nito sa beach.

"Andito si Mac Monde, 'yung magaling na Filipino-Canadian balladeer! Wow, Ate, sobrang guwapo... kilig na kilig ako!"

"Well, guess what? We met someone equally gorgeous," sabi naman ng mama nito. "Bakit hindi mo sinabing napakaguwapo pala ni Kirk Bermudez?"

Napaupo si Coral sa kama at napatingin sa kapatid. "Talaga, nakita n'yo na siya? Kailan?"

Nakausap n'yo ba?"

"Ang ate mo, nakakuwentuhan siya."

By that time, hinihila na ni Sheri mula sa kanyang mga gamit ang towel niya. "Hindi kuwentuhan, all right? Just a simple, really small polite conversation."

"Bakit ka defensive?" tudyo sa kanya ng kapatid.

Sinimangutan niya ito. "Magsa-shower lang ako. Finish arranging this, Coral, ha? Nalulula ako sa mga toiletries mo."

At sinusundan ng amused na tingin ng mag-ina, pumasok siya at nagtago sa banyo.